


# FIRST 100 DAYS REPORT of Gov. Egay Tallado


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2010

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"

Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


## Maayos na serbisyo ng CNPH

### tututukan ng CNPH Mgt. Team sa pamumuno ni Gob. Tallado

Ang mabigyan ng de-kalidad na serbisyong medikal at pangkalusugan lalo na sa mahihirap na mga mamamayan ng Camarines Norte, ang isa sa mga pangunahing programa ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Kaugnay nito, sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2010-18 ay binuo kamakailan ni Gob. Tallado ang *Management Team for the Camarines Norte Provincial Health Office (CNPHO)* na pamumunuan niya kasama ang mga miyembro nito na sina *Provincial Legal Officer* Sim O. Mata Jr., *Provincial Health Officer* Arnulfo G. Salagoste at *Executive Asst. IV/OIC PA* Jose G. Boma. Ito ay isinusog sa Seksyon 465, talata (b), (x) ng *Republic Act 7160 (Local Government Code of 1991)* na nagbibigay-kapangyarihan sa gobernador na "tiyakin na lahat na opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan ay matapat na tumutupad/gumaganap sa kanilang mga tungkulin alinsunod sa itinatakda ng batas at ng Kodigo Penal, at pasimulan ang *administrative* ó *judicial proceedings* laban sa sinumang opisyal ó kawani na nagkasala/hindi gumaganap sa kani-kanilang tungkulin.

Nakasaad sa kautusan na ang *CNPH Mgt. Team (CNPHMT)* ay binuo dahil sa kawalang-aksyon at kapabayaan ng mga nakalipas na administrasyon na tiyakin ang maayos na pamama-

(Sundan sa pahina 2)

Ang BISYON ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na maging *first class province* ang Lalawigan ng Camarines Norte ay tinapatan niya ng AKSYON. Sa unang araw ng pag-upo niya bilang muling halal na gobernador, todo-arangkada na sa pagtatrabaho si Gob. Egay kaya marami siyang naisagawa sa unang 100-araw ng kanyang panunungkulan.

Upang maisulong ang *transparency*, pinalakas at pinalinaw ng kanyang administrasyon ang *signal* ng *DWCN-FM* (Radyo ng Bayan); naglagay ng *Public Information/Action Desk* sa labas ng Tanggapan ng Gobernador, at binuksan din ang Tanggapan ng Gobernador para sa lahat na nais makausap, at personal na maiparating ang kanilang hinaing at kahilingan sa gobernador.

Pinairal din ni Gob. Egay ang *good governance* kung saan

(Sundan sa pahina 2)

**nasa loob**


EDITORYAL 4

CIVIL SERVICE MONTH CLOSING CEREMONIES 5


Ang unang 100 araw ng aking panunungkulan bilang muling halal na gobernador ng Lalawigan ng Camarines Norte ay napakahalaga dahil ito ay (paunang) sulyap sa uri ng aking panunungkulan sa darating pang mga araw at taon. Kaya't malugod kong ihinahandog sa inyo ang aking *First 100 Days Report* upang malaman ninyo ang aking mga *accomplishments* (nagawa) sa loob ng maikling panahong ito. Ito po ay bunga rin ng inyong suporta at aktibong kooperasyon sa aking mga inisyatibo. Maraming salamat po!

Sa patuloy na pagganap ko sa aking tungkulin, nais ko pong hinging muli ang inyong patuloy na pakikiumisa para maisulong ang mga programa, proyekto at aktibidad ng aking administrasyon.

Kapit-bisig, sabay-sabay nating tahakin ang landas ng pagbabago tungo sa isang mapayapa, luntian at maunlad na Lalawigan ng Camarines Norte! Babangon tayo, Camarines Norte!

Diyos Mabalos!

**EDGARDO A. TALLADO**
***Gobernador***

# 47th Fishcon Week ipinagdiwang, 76-L tilapia fingerlings

## ibinigay sa mga mangingisda; 'Tiangge sa Fishcon', iba pa isinagawa

Asenso sa Pangisdaan, Makamit sa Sama-Samang Pagtutulungan" ang tema ng selebrasyon ng *47th Fish Conservation Week* na isinagawa sa buong bansa simula Oktubre 17-23. Ang pagdiriwang dito ay pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist-Fisheries Development Division (OPAg-FDD).* Ito ay bilang suporta sa *Provincial Fisherfolk Council of Leaders (PFCL), Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC),* at *Socio-Pastoral Action Center Foundation, Incorporated (SPACFI).*

Naging pinakatampok na gawain sa selebrasyon ang pamamahagi ng 76,000 *tilapia fingerlings* sa mga *fish farmers* sa iba't-ibang lugar ng lalawigan.

Idinaos din ang *'Tiangge sa Fishcon'* sa *Provincial Capitol* kung saan itininda ang mga produkto ng mga *fish*, at *pili processors, local government units (LGUs)* at *Rural Improvement Clubs (RICs)* sa lalawigan gayundin ng *Regional Fisheries Training Center-Tabaco City* at *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)*-Mercedes. Itinampok din dito ang mga *organically-produced agricultural crops* ng mga magsasaka sa lalawigan. Isinagawa rin tuwing hapon ang *lecture -demonstration* ukol sa pagluluto ng relyenong bangus, *seaweed pickles and pili pulp with shrimp con seaweeds, fish chips, fish doughnut,* bangus *de-boning*, at *pili by-products*.

Nagkaroon din ng *Fisherfolk Congress* na dinaluhan ng mga *fishing boat operators, PFCL, municipal fishers* at *agricultural technologists* sa mga *coastal municipalities* sa lalawigan. Nagpasa rito ng resolusyon ang *Camarines Norte Commercial Fishing Boat Owners' Association, Inc.* ng kahilingan sa mga *LGUs* ng *coastal municipalities* na sila ay pahintulutang mangisda sa *municipal waters* sa loob ng 10.1 hanggang 15 kilometro. Naghain din ng resolusyon ang *PFCL* na mabigyan sila ng listahan ng mga abandonado at/o *undeveloped fishponds* upang muling maibalik sa pamahalaaan at mataniman ng bakawan. Sa talakayan sa loob ng kongreso, binigyang-diin na ang mga nais maging *deputized fish warden* ay kailangang kumuha ng pagsasanay na ibinibigay ng *BFAR.*

Isinagawa rin ang 3-araw na *proficiency training* sa paggamit ng *Global Positioning System (GPS)* at *plotting of nautical chart* para sa mga nagpapatupad ng batas-pampangisdaan katulad ng Bantay-Dagat at mga *fish wardens*. Sa pamamagitan naman ng *DWCN-FM* (Radyo ng Bayan), ang mga gawaing ipinatupad para maproteksyunan ang mga yamang-dagat sa lalawigan ay iniulat ng tagapamuno *(chairman)* ng *Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council (MFARMC)* mula sa *9 coastal municipalities* dito.

Sa pagtatapos ng *fishcon week*, pinasalamatan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang mga nakilahok sa okasyon. Ipinahayag din ng gobernador na umaasa siya na mas marami pa ang makikiisa para mabigyan ng *livelihood projects* ang mga mangingisda, at mapaigting ang kampanya na protektahan ang mga karagatan ng lalawigan mula sa mga *illegal fishers/illegal fishing operators*. *MELINDA L. JEREZ*

## Maayos na...

*(Mula sa pahina 1)*

hala, kontrol at pagsubaybay sa operasyon ng *CNPH.* Nagresulta ito sa di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mga opisyal at kawani ng pagamutan kaya hindi nila nagampanan nang maayos ang kanilang mga gawain. Dahil dito, ang *CNPHMT* ay magsisilbi ring *Grievance Committee* para sa lahat na opisyal at kawani ng pagamutan.

Inaasahan na sa pamamagitan ng *CNPHMT*, ang mga kababayan natin ay tatanggap na nang mabilis, maayos, at magalang na serbisyo-medikal at pangkalusugan mula sa mga kinauukulang opisyal at/ó kawani ng *CNPH.* **LT IBASCO**

# PSCNC Report, iba pang child-friendly initiatives ng Cams. Norte;

## *pinuri ni DSWD RD Tapispisan, at dapat umanong tularan ng iba pang LGUs*






Pinuri ni *Regional Director* Remia T. Tapispisan ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD ) Region V* ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte dahil sa tuluy-tuloy nitong pag-uulat sa publiko ng *Provincial State of the Camarines Norte Children (PSCNC)* na dapat aniyang tularan ng iba pang *local government units (LGUs).* Ito ay sa bahagi ng kanyang mensahe bilang panauhing pandangal sa *Child-Friendly Movement (CFM) Assembly and Presentation of the State of the Camarines Norte Children (PSCNC)* noong Oktubre 28, 2010 sa *Little Theater, Provincial Capitol*, Daet. Ito ay bahagi ng selebrasyon dito ng *2010 National Children's Month Celebration* na may temang, "Kung *BRIGHT CHILD* ang Gusto, Mundo'y Ingatan Mo".

Sinabi rin ni *RD* Tapispisan na kumprehensibo ang *PSCNC* dahil lahat na *child-friendly initiatives* ng lalawigan ay nakapaloob dito gayundin ang mga plano at aksyong ipatutupad para mabawasan hindi man tuluyang mawala ang mga balakid/problema na kinaharap sa implementasyon ng ilang programa at proyekto nito na nagtataguyod sa mga karapatan at kapakanan ng mga kabataan dito sa Camarines Norte. Idinagdag ni *RD* Tapispisan na dapat ding gayahin ng mga *LGUs* ang taun-taong *Search for Child-Friendly Barangay (CFB)* rito, at iba pang inisyatibo ng Camarines Norte.

Una rito, nagbigay ng *welcome and opening remarks* si Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, at ang *rationale* naman ng *PSCNC* ay inilahad ni *Provincial Planning and Devt. Coordinator (PPDC) Arch.* Madonna A. Abular, *CPC coordinator.*

Ang pinakamahalagang bahagi ng programa ay *State of the Camarines Norte Children (SCNC) Report* na ibinigay ni Gobernador Edgardo A. Tallado. Nakapaloob dito ang estado *(status)* ng mga aktibidad, programa at proyektong maka-bata na ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang pambansang ahensya at pribadong sektor lalo na ang *United Nations Children's Fund (UNICEF).* Kabilang din dito ang mga planong isasagawa sa hinaharap para mas mabilis at epektibong

*(Sundan sa pahina 7)*

## FIRST 100 DAYS REPORT ...

*(Mula sa pahina 1)*

sa pakikipag-ugnayan sa Sangguniang Panlalawigan, ay inilatag ang *Executive and Legislative Agenda* na bumabalangkas sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang Panlalawigan; nagawa rin ang *Annual Investment Plan* para sa mga programa nito; at mula nang umupo bilang gobernador, 14 na araw pa lamang umalis sa probinsya si Gob. Tallado para dumalo sa mga pulong na ipinatawag ng mga Kalihim ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaang nasyonal.

Buwan-buwan din siyang nakikipagpulong sa mga hepe ng mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para malaman ang estado ng **p**rograma, **p**royekto at **a**ktibidad ***(PPAs)*** na ipinatutupad nila. Kinunsulta rin ni Gob. Egay ang SP, mga pamahalaang bayan, sangguniang barangay, *barangay health workers, non-government organizations (NGOs), people's organizations (POs)* at iba't-ibang sektor upang malaman kung paano sila matutulungan ng pamahalaang panlalawigan. Handa na rin ang gobernador na isumite sa SP ang isang *responsive, balanced* at *relevant budget* para sa taong 2011.

Pinangunahan din ni Gob. Egay ang laban sa korapsyon. Sinimulan nang ilagay/ipaskil sa *internet (Philgeps)* ang lahat na mga pinapa-*bid* ng pamahalaang panlalawigan Binigyan ng akreditasyon ang 15 *non-government organizations (NGOs)* na maaaring umupo sa iba't-ibang konseho *(councils)*.

Upang maiangat ang antas ng kabuhayan ng mga mamamayan, ipinatupad niya ang iba't-ibang *PPAs*. Kabilang dito ang programang pang-edukasyon kung saan dinoble niya ang bilang ng iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP).* Mula sa 250 iskolar ng nakaraang administrasyon, kumuha siya ng 250 bagong mga kwalipikadong iskolar kaya 500 na ang iskolar ng *PGSP* ngayon. Namigay rin siya ng *school supplies* sa 2,000 mag-aaral sa mga *daycare centers (DCCs)* at *Grade 1* sa iba't-ibang panig ng lalawigan. Itinaguyod din niya ang *skills training* ng 120 *out-of-school youths (OSYs)* na kumuha ng mga kursong bokasyonal at teknikal.

Kaalinsabay nito, isinulong ni Gob. Egay ang programang pansakahan kung saan namahagi siya ng *shredders* sa may 22 organisasyong pang-agrikultural. Sa pakikipagtulungan sa *European Union* at *SEARCA*, naipatupad niya ang P25-milyong proyekto para sa may 5,746 benepisyaryo nito. Binigyan ng P200,000.00 karagdagang pondo ang *Provincial Agriculture and Fishery Council (PAFC).* Ipinalabas ang P1.2 milyong *counterpart fund*

*(Sundan sa pahina 3)*

# CHILDREN'S STATEMENT

**_"Kung BRIGHT CHILD ang Gusto, Mundo'y Ingatan Mo."_**

**_Kami ay Kabataan ng Lalawigan ng Camarines Norte. Kami ay nangangarap ng:_**

Isang mundong walang polusyon, basura o anumang bagay na sumisira sa kalikasan;

Isang mundong malinis ang lupa, tubig at hangin;

Mga batang malulusog at masayang naghahabulan sa ulan; habang ang iba ay nagtatampisaw sa malinis na batis at ilog;

Iba't ibang mga halaman, punongkahoy at di nakakalbong mga kagubatan;

Mga ibong nag-aawitan, malinis na dagat at ligtas na inuming-tubig;

Isang kapaligirang walang usok mula sa sigarilyo, pabrika at mga sasakyan;

Ang mga tao ay gumagamit ng bisikleta sa halip na motorsiklo at sasakyang de gasolina; gumagamit ng bayong at papel sa halip na plastik;

Mga mamamayang walang kinatatakutang mga sakuna at kalamidad;

Ang lahat ay sapat ang kaalaman at nagkakaisa sa pangangalaga at pagprotekta sa kalikasan;

Isang maayos, maganda at masayang kapaligiran na magbibigay inspirasyon sa mga kabataan upang isulong at itaguyod ang isang maunlad na pamayanan;

Isang tahimik at malinis na mundo para sa mga bata o kabataan ng susunod pang henerasyon;

**_"Isang lalawigang masaya at mapayapa, at isang magandang kinabukasan para sa lahat ng mga bata."_** Ito ang lalawigang pinapangarap namin.

**_Bilang mga kabataan kami ay naninindigang tutulong upang makamit ang mga pangarap na ito:_**

Bilang kabataan, makikiisa at tutulong sa pagligtas at pagprotekta sa kapaligiran; magiging isang mabuting lider na hihikayat sa iba pang kabataan na makiisa para sa ikabubuti ng lahat at ng susunod pang henerasyon;

Magtatanim ng mga punongkahoy; magsasagawa ng *3Rs (reduce, reuse, recycle)*; paghihiwalayin ang nabubulok sa hindi nabubulok;

Sa pamamagitan ng *school papers*, kami ay tutulong na ibahagi ang aming mga kaalaman ukol sa *global warming* at *climate change*;

Sa pamamagitan ng *SPG/SSG* at *YES-O*, magsasagawa ng mga gawain at proyekto na makakatulong sa pagprotekta ng kapaligiran;

Hindi magiging piping saksi lamang sa mga nangyayaring patuloy na pagsira ng kapaligiran sa halip gawin ang mga karampatang aksiyon at maging isang mabuting halimbawa at inspirasyon ng maraming kabataan;

Magiging responsable, magkakaroon ng disiplina at malasakit sa bawat isa upang hindi humantong sa kalamidad o sakuna!

Magkakaisa at magtutulungan! Kahit maliit na bagay o gawain, malaki ang aming maiaambag sa pangangalaga ng kapaligiran;

**_Sapagkat kaming mga kabataan, maraming maitutulong at magagawa!_**

**_At kasabay ng_** mga paninindigang **_ito, kami ay humihingi ng suporta sa aming mga magulang, kapwa kabataan, mga lider local at nasyonal at sa inyong lahat._**

**_Ito ang aming PANAWAGAN:_**

Mahalin, pangalagaan at huwag abusuhin ang Inang Kalikasan. Ang kaligtasan ng Kalikasan ay katumbas ng katuparan ng pangangailangang pangkalusugan at nutrisyon, edukasyon, proteksiyon at partisipasyon naming mga kabataan;

Sa mga *local* at *national leaders*, magsasagawa ng mga proyektong pangkalikasan;

Sa Pamahalaang Panlalawigan, manguna po kayo sa mga gawaing pangkapaligiran para sa lalawigan at suportahan ninyo kaming mga kabataan;

Lahat ng mga mamamayan ay maging responsable at disiplinado upang mapangalagaan ang kalikasan;

Sa mga magulang, maging huwaran ng inyong mga anak at iba pa para sa tahanan at komunidad. Ang lahat ng pagbabago dapat magsimula sa sarili at sa bawat isa sa atin;

Maaari pa nating iligtas ang ating kapaligiran. Kailangan lang magkusa upang mahikayat ang marami pa na huwag magsawalang-kibo, huwag magsawalang-bahala. Kumilos na at magkaisa, alagaan/pangalagaan ang kapaligiran upang kalamidad ay maiwasan.

Bawat segundo, minuto at oras ay mahalaga. Lahat ay maaaring magsimula sa simpleng gawain, gawin itong "*habit*" at mag-impluwensya ng marami pang iba.

Kabataan simulan mo na, maging mabuting halimbawa sa pagliligtas ng ating mundo.

Kumilos na tayo, **NGAYON NA!**

**_Sa inyong lahat na naririto sa pagtitipong ito, sa lahat ng mga nakaririnig at makababasa ng mensaheng ito, aasahan po namin ang inyong suporta at pagtugon sa panawagang ito._**

**_MABUHAY ANG KABATAAN NG CAMARINES NORTE!_**

**CHILD/YOUTH LEADERS**

**_(Participants/Contributors in the Crafting of the Children's Statement)_**

*Basud Elementary School (BES)* – Jazreel S. de Vera, Sheena May O. Lopez
CNSC *Abaño* Laboratory *Elementary School* – Symon Pante, Paula Andrea B. Abaño
*Labo* Elementary School *(LES)* – Lou Marie B. Oco, Carina Alexa F. Bustamante
Manguisoc Elementary *School* – Anthonette Vim M. Dado, Rhiza Regina Q. Marmol
Mercedes *Elementary School* – Irra Jeremy Dating, Jan Alfred Rañeses
*Sto.* Domingo Elementary *School (SDES)* - Ivan John, Romy Asis, Bianca Dominique R. Bardon
*Vinzons* Pilot *Elementary School (VPES)* - Pia M. Balane, Lyna A. Ramores
Basud National *High* School *(BNHS)* – Mariel Jean B. Rañeses, Junela A. Braciño, Princess Joy Burce
Camarines *Norte* National *High School (CNNHS)* - Uner Percil
CNSC *Laboratory* High School - Karen Jayleen B. Notario, Mary Gazylene A. Pagsisihan
*Labo* National *High School* - Mariecar M. LopezRuby B. Alvarez
Mabini *Colleges* - April Rose Zabala, Mark Anthony, E. Orillo, Mary Antonette R. Calderon
Mercedes *High School (MHS)* - Mary Joy Bruto, Edeliza J. Mendoza
*Moreno Integrated* School *(MIS)* - Renelie Jane P. Balane, Nora Vera C. Morales
*Pambuhan* National *High School (PNHS)* - Charo E. Solis, Jay-R S. Sillano
*Vinzons Pilot* High *School (VPHS)* - Sandino M. Guinto

# FIRST 100 DAYS REPORT ...



*(Mula sa pahina 2)*

sa *Department of Agriculture (DA)* para sa 5,606 *bags* ng *certified seeds*. Ipinamigay rin ang may 100 alagaing-baboy at 1,000 alagaing-kambing at kalabaw sa mga kwalipikadong benepisyaryo.

Itinaguyod din ni Gob. Egay ang programang pailaw sa mga barangay ng Exciban (Purok 2) at San Antonio (P-3 at P-5) sa bayan ng Labo; Brgy. Bibirao at Dogongan sa Daet, at P-1, Brgy. Aguit-it, Vinzons. Ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program *(4Ps)* na inisyatibo ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* ay ipinatupad din ng gobernador sa mga barangay ng Calabaca at Catioan sa bayan ng Capalonga; San Roque at Manguisoc sa Mercedes; Batobalani at Bagumbayan, Paracale; Matacong, Mampurog, Daculang Bolo at San Isidro sa San Lorenzo Ruiz, at Brgy. Poblacion at Maulawin sa Sta. Elena.

Sa sektor ng kalakalan at industriya *(trade and industry)*, naghahanda na ang probinsya para sa isang *fashion show* sa *NBC Tent* kung saan isusuot ng mga sikat na modelo tulad ni Isabel Daza at Angel Aquino, ang mga damit na gawa sa hibla ng pinya dito; isinagawa ang *Bulawan Jewelry Design Competition*, at lumahok sa *Orgullo Kan Bicol Trade Fair*.

Upang mapangalagaan ang Kalikasan, itinatag ni Gob. Egay ang *Governor's Task Force*; idinaos ang kauna-unahang *provincial mining summit*; ipinasara ang mga iligal na minahan; pinatatag ang *Bantay-Dagat Task Force* at Bantay-*Aggregates*; ipinahuli ang mga *illegal loggers*; nagsagawa ng *tree planting* sa *Bicol Natural Park* kung saan humigit-kumulang 10,000 puno ang naitanim; nagtanim din 5,000 puno ng bakawan sa Brgy. Bagasbas, Daet; nagsagawa ng *seashore* at *port clean-up activities* sa Bagasbas, Daet at mga bayan ng Mercedes at Paracale.; nagbigay ng tulong-teknikal sa *Comprehensive Land Use Plan Formulation* ng Basud at Capalonga, at ipinatupad ang *solid waste management program* sa Kapitolyo Probinsyal.

Pinaigting din ni Gob, Egay ang kampanya laban sa paglaganap ng iligal na droga sa lalawigan sa pamamagitan ng pagkilos ng otoridad kontra sa mga nasa likod ng *illegal drugs.*

Upang matiyak ang kahandaan ng probinsya sa mga kalamidad, binuong muli ng gobernador ang *Provincial Disaster Coordinating Council (PDCC);* bumili rin ng 4 na *rescue boats* at 1 *speed boat* para sa mga *rescue operations*; nagsagawa ng *disaster preparedness and rescue trainings*, at sinimulan ang *Disaster Risk Reduction* at *Disaster Risk Management Program.*

Sa isyung pangkalusugan, nagtalaga ng isang *Management Committee* na pinamumunuan mismo ni Gob. Tallado para sa maayos na pagpapatakbo ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*; kaugnay nito, madalas siyang dumadalaw sa *CNPH* at *Labo District Hospital (LDH)*; sinisigurado ang suplay ng mga pangunahing gamot sa mga ospital ng pamahalaang panlalawigan; bumili ng kinakailangang mga kagamitang pang-medikal; dinagdagan ang doktor sa *LDH* at *Capalonga Community Hospital (CCH)*; dinagdagan ang sweldo ng mga kawani ng *CNPH*, *LDH* at *CCH*; ipinamahagi ang 23,000 *PhilHealth cards* sa mga kwalipikadong mamamayan; ipinamigay ang libreng *H1N1 vaccine* sa mga *health workers* at *senior citizens*, at ipinalabas ang P600,000.00 pondo para sa kampanya laban sa rabis.

Upang mapaunlad ang turismo, itinaguyod ng gobernador ang *Bagasbas National Ultimate Surfing Competition*; pinailawan ang kahabaan ng *Bagasbas Beach*; pinaigting ang promosyon ng Camarines Norte bilang *tourist destination* upang makaakit ng mga turista at mamumuhunan *(investors)*, naghanap ng pondo para mapahaba ang *Bagasbas Boulevard* pati *investor/s* na posibleng magtayo ng isang *hotel* sa Bagasbas.


Bilang suporta sa mga kabataan at kababaihan; isinagawa ang *Policy Advocacy/Legislative Summit on the implication of Climate Change to Children and Women*; gumawa ng mga *advocacy materials* na nagsusulong ng *child-friendly barangays (CFB)*; ipinaayos ang ilang *DCCs* at *Barangay Health Centers (BHCs)*;

*(Sundan sa pahina 6)*










# EDITORYAL

## Morga, ang bagong bantay-kalikasan

NAGLINIS kamakailan sa baybayin ng Isla ng Calaguas ang *Morga* - isang grupong maka-kalikasan na halaw sa salitang nakatitik sa kauna-unahang bantayog na itinayo sa bayan ng Daet dito sa Camarines Norte bilang pagpupugay sa ating pambansang bayaning si Gat Dr. Jose P. Rizal

Ang Morga ay binubuo ng 5 grupo na iisa ang adhikain: pangalagaan ang kalikasan at proteksyunan ang kagubatan. Sila ang nasa likod ng maigting na pagkilos para bantayan ang *Bicol Natural Park* na sakop ng Camarines Norte. Kasunod ito nang pagkakatuklas nila na unti-unti nang lumalapit sa *Mother Tree* ang mga iligal na pamumutol ng puno sa ating mga kagubatan.

Ang paglilinis ng mga kasapi ng Morga sa Mahabang Buhangin ay halimbawa ng pagmamalasakit sa kapaligiran. Pinulot nila ang mga basura na itinapon na lamang at sukat ng mga dumarayo sa lugar: mga upos at pakete ng sigarilyo, plastik, bote ng *mineral water*, tansan, at kung anu-ano pang kalat na sumisira sa ganda ng dalampasigan, at tubig-dagat.

Ginising nila ang kamalayan ng mga mamamayan sa lalawigan tungkol sa kahalagahan ng kapaligiran, at sa ating responsibilidad na pangalagaan ito sa pamamagitan ng pagdaraos ng panayam sa mga mag-aaral sa mga pribado at pampublikong paaralan dito. Nagtatanim din sila ng mga punungkahoy, at nakikipag-ugnayan sa mga mamamayan sa 12 bayan ng lalawigan.

Subalit sa kabila nito, may mga nagagalit sa samahang ito at pinagbabantaan pa sila? Mga taong nagtatagis ang bagang kapag naririnig ang pangalang Morga at sila'y walang iba kundi mga iligalista na itinuturing na kaaway ang sinumang may malasakit sa kagubatan. Nais nila ay putulin ang mga puno sa gubat upang kumita ng limpak-limpak na salapi, wala silang pakialam anuman ang kahinatnan ng paglapastangan nila sa kalikasan.

KAUGNAY nito, pingunahan ni Gob. Egay Tallado ang isang malawakang *tree planting activity* na naglalayong palalimin ang kamalayan ng mga mamamayan ukol sa kahalagahan ng maayos na kalikasan lalo na sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno upang manatiling luntian ang ating kapaligiran. Matagal na itong isinasagawa subalit ngayon lamang nangyari na ang gobernador ng lalawigan ay naglaan ng isang buong araw para makiisa sa pagtatanim. Bukod dito, si Gob. Egay ay nagtungo sa *Mother Tree* upang ipakita sa lahat na pinahahalagahan niya ang pinakamatanda at pinakamalaking puno dito sa Camarines Norte.

Matatandaan na napabalitang pinutol ng mga iligalista ang *mother tree*. Bagama't mali ang balita, nabahala si Gob. Egay at gumawa ng mga hakbang upang ipaalam sa lahat na hindi niya pahihintulutan na may mangyaring masama sa *mother tree*.

Sa marubdob na pagpapahalaga ni Gob. Egay sa kalikasan, at tulong ng marami nating kababayan na pangalagaan ang kapaligiran; makasisiguro tayo na may maipamamana tayong luntian at masaganang likas-yaman sa susunod na henerasyon.

SUPORTAHAN natin ang Morga at ang mga kilusan na nangangalaga sa kapaligiran/kagubatan sapagkat sa mga puno nakasalalay ang ating kinabukasan at ng mga susunod pang salinlahi. Ang kapaligiran at mga likas-yaman nito ay kalingain upang tao'y kalingain din nila.



# Aral-Kalikasan Program 2010

Ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-GO)* ay nagdaos ng mga patimpalak kaugnay sa *2010 Aral-Kalikasan Program – Information Education Communication Campaign* ng nasabing tanggapan. Ito ay ginanap sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor annex, Provincial Capitol*, Daet noong Oktubre 28, 2010 sa ilalim ng temang: "Samut-Saring Buhay . . . Iisang Mundo, Ligtas na Kapaligiran, Tiyak na Kinabukasan".

Ang *Ecological Quiz* at *Oratorical Contest* na isinagawa ay nilahukan ng mga mag-aaral mula sa mga sumusunod na pampubliko at pribadong paaralang elementarya: 1) Batobalani *Elementary School*; 2) Capalonga *E/S*; 3) *Chung Hua High School-Elem. Dept.*; 4) Abaño *Laboratory School*; 5) Claudio Villagen *E/S*; 6) Daet E/S; 7) F. Baldovino *E/S*; 8) Jose Panganiban *E/S*; 9) Labo *E/S*; 10) *La Consolacion College of Daet (Elem.)*; 11) Larap *E/S*; 12) Mercedes *E/S*; 13) Paracale *E/S*; 14) San Luis *E/S*; 15) San Vicente *E/S*; 16) Sta. Elena *E/S*; at 17) *St. Luke Christian School and Learning Center*; 18) Talisay *E/S*; 19) Tulay na Lupa *E/S*, at 20) Vinzons *Pilot E/S*.

Idinaos din ang paligsahan na tinaguriang *Environmental Awareness Challenge for Teachers* o *'E-ACT'* na para naman sa mga guro mula sa mga paaralang nabanggit sa itaas, at iba pang guro na sumaksi sa mga paligsahan para sa mga mag-aaral.

Sa *Ecological Quiz*, nanguna si Dan Gil S. Fermo ng Talisay *E/S*; pumangalawa si John Meric Camara ng Labo *E/S*, at pumangatlo si John Alfred Rañeses ng Mercedes *E/S*.

Ang unang puwesto sa *Oratorical Contest* ay naiuwi ni James Bryan Z. Vega ng Tulay na Lupa *E/S*; ikalawang puwesto- Alex Carina Bustamante ng Labo *E/S*, at ikatlong puwesto- Sir John C. Remorosa, Daet *Elem. School*. Naging mga hurado rito sina *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ng *Community Affairs Office*; *Information Manager* Rosalita B. Manlangit ng *Philippine Information Agency (PIA)*; at Nerissa F.A. Augusto ng *Provincial Assessor's Office*.

Nakuha naman ni Carl Benson Carreon ng *St. Luke Christian & Learning School* ang unang karangalan sa *E-ACT Contest* habang ang ikalawa at ikatlong karangalan ay naiuwi nina Glen Joy B. Abanes ng Daet *Elem. School*, at Luz C. Indionela ng Jose Panganiban *Elem. School*, ayon sa pagkakasunod.

Ang nagwagi ng unang puwesto sa *eco quiz*, at *oratorical contest* ay tumanggap ng tig-P3,000.00 at medalyang ginto; ikalawang puwesto, P2,000.00 at medal-yang pilak, at ikatlong puwesto - P 1,000.00 at bronseng medalya. Sila rin ay binigyan ng kaukulang tropeo at sertipiko ng paglahok. Ang mga nanalo ng una, ikalawa at ikatlong puwesto sa *E-ACT Contest* ay pinagkalooban ng katulad na papremyo, at kaukulang sertipiko ng paglahok.

Bago ang mga patimpalak, idinaos ang maikling programa na tinampukan ng mensahe ni G. Joey G. Boma, *Executive Assistant IV* at *Officer-in-Charge-Provincial Administrator* na kumatawan kay Gobernador Edgardo A. Tallado. Sinabi niya na ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Tallado ay seryoso sa kampanya na pangalagaan ang kapaligiran at mga likas-yaman nito. Nilalabanan nito ang iligal na pamumutol ng puno, pangingisda at pagmimina. Binanggit din niya ang isang pangyayari kung saan ang *Governor's Task Force* ay di naiwasang makipaglaban sa iligal na mga mangingisda na naging sanhi ng paglubog ng bangkang-pangisda ng kalaban.

Ipinaabot din ng gobernador na dahil sa pagkasira ng kapaligiran, nararamdaman na ang epekto ng *global warming* kaya ang naturang programa ng *EERMD-G.O.* ay epektibong hakbang aniya upang maimulat ang kamalayan ng mga kabataan sa mahalagang papel nila para pangalagaan at pagyamanin ang kapaligiran.

Inihayag naman ni *EERMD Chief Engr.* Leopoldo P. Badiola ang *overview* ng programa . Aniya, ang naturang mga paligsahan ay sinimulan ng pamahalaang panlalawigan noong 1992 sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo kung saan ang *Community-Based Resource Management Project (CBRMP)* ay ipinatutupad nito. Unti-unting pinalawak ang *Aral-Kalikasan Program* hanggang maging *province-wide* ito kung saan ang mga pampublikong *central schools* at ilang pribadong paaralan sa lalawigan ay lumahok na rin sa programa. Idinagdag niya na ang mga paligsahan ay makapagpasigla sana sa mga mananalo, at magsilbing hamon naman sa mga di-papalarin upang mas magsikap sila sa susunod na mga kumpetisyon.

Naging matagumpay ang idinaos na mga patimpalak na nagsilbing isang behikulo para gisingin ang kamalayan ng mga kabataan sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman. Inaasahan na ang nasabing programa ay nakatulong sa pagresolba sa problemang pangkapaligiran na unti-unti nang nararanasan sa kasalukuyan sa iba't-ibang panig ng mundo. ***(GCB)***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga opisyal at kawani ng pamahalaan,

## ginawaran ng mga parangal at pagkilala sa pagtatapos ng 110th anibersaryo ng Serbisyo Sibil

Nagtapos dito ang 1-buwang selebrasyon ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas sa pamamagitan ng *closing ceremonies* noong Oktubre 6, 2010 sa *Cams. Norte Sports, Cultural and Arts Center*, *Provincial Capitol*, Daet. Ang daloy ng programa ay pinangasiwaan ng *masters of ceremonies* na sina Catherine C. Pielago ng *Civil Service Commission Daet Field Office (CSC DFO)*, at Mark C. Delfinado ng Pamahalaang Bayan ng Daet.

Nagbigay rito ng *opening remarks* si Bise Gob. Jonah G. Pimentel; at mensahe naman mula kina Gobernador Edgardo A. Tallado, at *Director II* Elizabeth B. Mateo ng *CSC DFO* na nakatuon sa temang: *"In a R.A.C.E. to Serve: Advancing* ***R****esponsive,* ***A****ccessible,* ***C****ourteous and* ***E****ffective Public Service"*.

Ang pinakatampok na bahagi ng programa ay ang paggawad ng parangal at pagkilala kina Gng. Melinda L. Jerez ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*, at Gng. Clarissa K. Cu ng *Camarines Norte Probation and Parole Office (CNPPO)* na tinanghal na *Most Outstanding Provincial Government Employee*, at *Most Outstanding Employee-National Government Agency*, ayon sa pagkakasunod.

Kasama nilang tumanggap ng gawad-pagkilala ang pito (7) pang kawani ng pamahalaang panlalawigan na *finalists* sa *Search for the Provincial Government's Most Outstanding Employees for 2010* na sina: Nida N. Tosoc ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*; *Engr.* Oscar V. Albos ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)*; Edgar A. Estanislao ng *Office of the Provincial Agriculturist-Fisheries Development Division (OPAg-FDD)*; Salvador T. Presbitero ng *Provincial Budget Office (PBO)*; Ronaldo U. Diezmo, *DVM* ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)*; Maricel G. Basquiñas ng *General Services Office (GSO)*, at Reynaldo N. Pajarillo ng *Provl. Custodial and Security Services Division (PCSSD)*.

Ang nasabing *Search for the Most Outstanding Employee* ay pinangasiwaan ng lupon ng mga hurado na pinamunuan ni *CSC Director II* Elizabeth B. Mateo bilang *chairman* kasama ang mga miyembro na sina *Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane ng *Department of Education (DepEd)*, at ang maybahay ni Gob. Tallado na si Gng. Josie B. Tallado.

Ginawaran din ng kaukulang parangal at pagkilala ang mga *Top Performing Municipal Civil Registry Offices (MCROs)* tulad ng mga sumusunod: Mercedes *Municipal Civil Registry Office (MCRO)*, Talisay *MCRO*, San Lorenzo Ruiz *MCRO*, Daet *MCRO*, Basud *MCRO*, Labo *MCRO*, Paracale *MCRO*, at San Vicente *MCRO*.

Pinagkalooban din ng kaukulang *awards* at *certificates of recognition* ang mga nanalo sa *2010 Inter-Government Offices Sports Competition.*

Si Labo *Municipal Trial Court Judge* Aurea G. Peñalosa na magreretiro sa Nobyembre ay pinagkalooban ng *souvenir items* bilang pagkilala sa kanyang mahaba at mahusay na serbisyo sa pamahalaan. Binigyan din ng katulad na subenir ang 6 na kawani ng pamahalaang panlalawigan na nagretiro at/o magreretiro ngayong 2010, at sa unang bahagi ng 2011 na sina: Jaime S. Quibral-*Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*; Eddie D. Espiritu-*OPAg*; *Engr.* Delfin C. Pandi-*Provincial Engineer's Office (PEO)*; Ramon J. Bugagao-*GSO*, at Fidencio Z. Quinito, Sr. at Vicente P. Encinas-*PROVET.*

Ang mga sumusunod na opisyal at kawani ng pamahalaang nasyonal, at pamahalaang panlalawigan na nagtrabaho sa pamahalaan sa loob ng 30 taon o higit pa ay binigyan din ng kaukulang subenir: *Prov'l Pros.* Oscar J. Villafuerte, Nenita Z. Morales; Ely R. de Leon, at Herminia O. Malanyaon ng *Department of Justice (DOJ)*; Reby Jardin-Cuaño - Sangguniang Panlalawigan (SP); Edilberto C. Baraquiel - *Office of the Governor-Library Services Division (GO-LSD)*; Gonzalo C. Binay – *GO-EERMD*; Gomersinda I. Gapoy-Capalonga *Medical Care Hospital (CMCH)*; *PPDC* Madonna A. Abular – *PPDO*; *PBO* – Herminia O. Palado at Leticia A. Acobera; GSO – Fe B. Majadas at Rodolfo C. Fajardo; *PEO* – *Engr.* Cesar C. Paita, *Engr.* Noel D. Reyes, Sr., at Henry B. Lo; *Provincial Accountant's Office* – Marilyn A. Soltes, Nenita C. Villaluz, at Marilou V. Odoño; *Provincial Treasurer's Office (PTO)* – *Provincial Treasurer* Lorna A. Coreses, Marietta B. Laranang, at Ma. Victoria A. Estacion; *PAssO* – Virgilio S. Tuazon, Evangeline C. Tuazon, Eufresina R. Era, Delfina C. Martinez, at Adela E. Venida; *PROVET* – Dr. Edgardo S. Gonzales, Luz L. Estacion, Ninieta G. Villagomez, Melchor M.

(Sundan sa pahina 7)







*Tinanggap ni Ms. Melinda Jerez ng Office of the Provincial Agriculturist ang kanyang regalo mula kina Gov. Edgar A. Tallado at kanyang maybahay na si Josie katuwang sina P CSC Beth Mateo, EA IV Jose Boma at Prov'l. Legal Officer Sim O. Mata nang si Jerez ay tanghaling Most Outstanding Provincial Government Employee. Kasama niya sa pagtanggap ang kanyang hepe na si Prov'l. Agriculturist Helen Abordo. Ang ilan sa mga hepe ng pamahalaang panlalawigan na binigyan ng parangal sa 30 taong pagsisilbi ó mahigit pa, sa pamahalaang panlalawigan ay sina: Dr. Ed Gonzales-ProVet; Gng. Lorna A. Coreses-Prov'l. Treasurer; Dr. Helen B. Abordo-Prov'l. Agriculturist; Gng. Herminia O. Palado– Prov'l. Budget Officer; at Arch. Madonna A. Abular-PPD Coordinator. Kasama sa larawan sina Gob. Tallado, Atty. Sim Mata, PD Beth Mateo at EA IV/ OIC PA Joey G. Boma.*

# Official Result of the 2010 Inter-Agencies Sports Fest

### VOLLEYBALL

***Men***

***2nd Runner Up*** – Camarines Norte State College (CNSC)
***1st Runner Up*** - Provincial Government of Camarines Norte (PGCN)
***Champion*** - Philippine National Police (PNP)

***Women***

***2nd Runner Up*** - CNSC
***1st Runner Up*** – Local Government Unit (LGU) of Daet
***Champion*** - PGCN

### BASKETBALL

***Regular team***

***2nd Runner Up*** – Bureau of Jail Mgt. & Penology (BJMP)
***1st Runner Up*** - PNP
***Champion*** - Department of Education (DepEd)

***Guest Team***

***1st Runner Up*** - Legislative District Office (LDO)
***Champion*** - Provincial Legal Office (PLO)

### BILLIARDS

***Men***

***2nd Runner Up*** - PO Eduardo Bueno (LDO)
***1st Runner Up*** - Engr. Samson Largo (PEO)
***Champion*** - Mr. Bert Perida (LGU Daet)

### TABLE TENNIS

***Singles - Men***

***2nd Runner Up*** - SPO1 Pedrito Bendana (PNP)
***1st Runner Up*** - Mr. Bonifacio Tychingco (PGCN)
***Champion*** - Mr. Rodel Moya (LGU Daet)

***Singles - Women***

***2nd Runner Up*** - Twinkle Adorino (LGU-Daet)
***1st Runner Up*** - Zenaida Garcia (PGCN)
***Champion*** - PO2 Rosalinda Tenso (PNP)

***Doubles - Men***

***1st Runner Up*** – SPO1 Pedrito Bendana & SPO2 Joselito Jueves (PNP)
***Champion*** – Rodel Moya & Val Papa (LGU Daet)

***Doubles - Women***

***1st Runner Up*** – Zenaida Garcia & Nida del Valle (PGCN)
***Champion*** - PSI Rogylyn Calandria & PO2 Rosalinda Tenso (PNP)

### DART - MEN

***Singles***

***2nd Runner Up*** – PO Eduardo Bueno (LDO)
***1st Runner Up*** - Mr. Ewe Magno (_____)
***Champion*** – Konsehal Sherwin Asis (LGU Daet)

***Doubles***

***1st Runner Up*** – Ruel Abilgos & Ronnel Racho (PNP)
***Champion*** - Konsehal Sherwin Asis & Ronald Abilgos (LGU Daet)

**CHESS**

***2nd Runner Up*** - Mr. Ronaldo Banal and Mr. Levy Rada (PGCN TEAM B)
***1st Runner Up*** - Dr. Edgardo Gonzales, Engr. Alfredo Quibral & Emerine San Gaspar (PGCN TEAM A)

(Sundan sa pahina 7)

# Dialogue with the inmates (pangalawang bahagi)

## Karugtong ...

Ang mga komplikadong impormasyon ay maaaring gamiting ebidensya laban sa nasasakdal. Maaari namang isama sa mga liham ang mga reklamo tungkol sa estado ng kanilang kaso at ang madalas na pagkabalam sa mga pagdinig *(hearing)*.

Sa mga pagkakataon na ang akusado ay nasentensyahan sa krimeng hindi niya ginawa na minsan ay nangyayari, maaaring desisyunan ng hukom ang naturang sitwasyon depende sa bigat ng kaso at sa tinatawag na *Pre-Trial/ Plea-Bargaining Agreement*. Ipinaalala rin sa mga preso na hangga't hindi sila nahahatulan, maaari nilang ipaalam sa kinauukulan ang kanilang hinaing ukol dito.

Ipinahayag ni Atty. Mike Pajarillo na bilang Pangulo ng *IBP-CN Chapter*, maaari siyang magbigay ng libreng serbisyoligal ó *pro bono* sa mga detenidong di-kayang magbayad sa pribadong abogado. Mabagal umano ang pag-usad ng mga kaso dahil sa pagkakabalam *(delay)* sa pagdinig ng mga kaso, at kakulangan ng abogado sa *Public Attorney's Office (PAO)*.

Binanggit din ni *APW* Pajarillo na bukas ang kanyang opisina para sa mga nais ng serbisyong *pro bono*. Hinikayat din niya ang mga detenido na makiisa sa mga programa ng *PAO* at *IBP*.

Nagkaroon din ng *open forum* kung saan tinugon ang katanungan ng mga *inmates* at nabigyang-linaw ang ilang isyu at usapin na idinulog nila. Binigyang-diin dito ng mga panauhin na ang mga karapat-dapat na mapawalang-sala ay dapat na palayain sa lalong madaling panahon upang magkaroon sila ng pagkakataon na makapagtrabaho nang marangal at makapagbagumbuhay

Ipinaalala rin nila na karapatan ng mga detenido ang magtanong ukol sa iskedyul ng pagdinig *(hearing)* sa kanilang kaso, at humingi ng kopya ng kaukulang dokumento mula sa kanilang mga abogado upang maiwasan ang pagkaantala ng pagkamit nila ng hustisya. Ito ay magiging batayan din ng mga hukom sa panahon ng *arraignment procedures* at pagbaba ng hatol

Ang pagtulong din ng *RTC Branches 40-41* ay maaasahan sa lahat ng oras, sapagkat puwede nitong maibigay ang *Release Order* kahit sulat-kamay pa ito. Sa ganitong paraan umano, mapatutunayan ang serbisyong totoo para sa mga bilanggo. **(*PCSSD-CNPJ*)**

# Awardees during the 110th CSC Month Anniversary Celebration

***TREK TO MOTHER TREE AWARD***

*1. MS. ANGELINA D. TEPORA*
*2. MS. ANNABEL M. DEFEO*

***NATIONAL GOVERNMENT AGENCY RETIREE***

*3. HON. JUDGE AUREA G. PEÑALOSA-FERMO—MTC, LABO*

***PGCN RETIREES***

*4 JAIME S. QUIBRAL, CNPH*
*5 EDDIE D. ESPIRITU, OPAG*
*6 DELFIN C. PANDI, PEO*
*7 RAMON J. BUGAGAO, GSO*
*8 FIDENCIO Z. QUINITO, SR., PROVET*
*9. VICENTE P. ENCINAS, PROVET*

***EMPLOYEES WITH MORE THAN 30 YEARS OF GOVERNMENT SERVICE***
***(NGAs and PGCN)***

*10 PROV'L PROS. OSCAR J. VILLAFUERTE*
*40 FE M. ABLAZA, CNPH*
*11 NENITA Z. MORALES, PPO-DOJ*
*41 ROMEO B. ABRIO, CNPH*
*12 ELY R. DE LEON, PPO-DOJ*
*42 ANITA L. ALDEZA, CNPH*
*13 HERMELINA O. MALANYAON, PPO-DOJ*
*43 NIMFA A. ASIS, CNPH*
*14 REBY JARDIN-CUAÑO, SP*
*44 REMIGIO V. ASIS, CNPH*
*15 ARLENE Y. POOT, PSWDO*
*45 AGUSTIN M. AVELLANA, CNPH*
*16 EDILBERTO C. BARAQUIEL, LSD*
*46 HYDI M. BORGONIA, CNPH*
*17 HERMINIA O. PALADO, PBO*
*47 CORAZON A. CAUDILLA, CNPH*
*18 LETICIA A. ACOBERA, PBO*
*48 CRISPINA R. CHAVEZ, CNPH*
*19 FE B. MAJADAS, GSO*
*49 SILVERIO M. CLACIO, CNPH*
*20 RODOLFO C. FAJARDO, GSO*
*50 FE S. PARIS, CNPH*
*21 LORNA A. CORESES, PTO*
*51 JOSE M. PARAMO, CNPH*
*22 MARIETTA B. LARANANG, PTO*
*52 LOURDES A. POMADA, CNPH*
*23 MA. VICTORIA A. ESTACION, PTO*
*53 JOSE A. RAMORES, CNPH*
*24 VIRGILIO S. TUAZON, PASSO*
*54 MARILYN S. SUSANO, CNPH*
*25 EVANGELINE C. TUAZON, PASSO*
*55 RAMON B. SUSANO, CNPH*
*26 EUFRESINA R. ERA, PASSO*
*56 LERMA N. STO. DOMINGO, CNPH*
*27 DELFINA C. MARTINEZ, PASSO*
*57 MERCEDES M. JUAN, CNPH*
*28 ADELA E. VENIDA, PASSO*
*58 DELIA P. LOPEZ, CNPH*
*29 DR.EDGARDO S. GONZALES, PROVET*
*59 ROBERTO B. MABEZA, CNPH*
*30 LUZ L. ESTACION, PROVET*
*60 ELIZABETH F. MAESA, CNPH*
*31 NINIETA G. VILLAGOMEZ, PROVET*
*61 OSCAR C. MANUMBAS, CNPH*
*32 MELCHOR M. TUAZON, PROVET*
*62 JOSE S. MAPADA, JR., CNPH*
*33 RAFAEL G. FLORES, PROVET*
*63 FE A. DE JESUS, CNPH*
*34 MAGDALENA B. TOLEDANA, CNPH*
*64 MARILOU D. DELA CRUZ, CNPH*
*35 GUIA P. FERRER, CNPH*
*65 GLORIA P. DE LEON, CNPH*
*36 EMMA J. PABINES, CNPH*
*66 CARMELITA B. DE VERA, CNPH*
*37 LOURDES E. ALBERTO, CNPH*
*67 ALICIA P. GADI, CNPH*
*38 MA. LUISA M. CORESES, CNPH*
*68 ELMA R. GIATAW, CNPH*
*39 MYRNA O. ABILGOS, CNPH*
*69 JELLY S. GAMBOA, CNPH*
*70 DANILO S. ADOLFO, CNPH*
*85 EDGAR A. ESTANISLAO, OPAG*
*71 MILAVE L. SCHNEIDER, CNPH*
*86 NARCISO S. GONZAGA, OPAG*
*72 JULITA C. PALAD, CNPH*
*87 ZOSIMO P. GUAZON, OPAG*
*73 EMMA R. OLIVER, CNPH*
*88 NANCY F. GUINTO, OPAG*
*74 ELENA I. NARIDO, CNPH*
*89 ERLINDA G. SAÑEZ, OPAG*
*75 SANTIAGO O. MELLA, CNPH*
*90 RANCIA C. PAJARES, OPAG*
*76 GOMERSINDA I. GAPOY, CMCH*
*91 JOSEFA P. YASIS, OPAG*
*77 GONZALO C. BINAY, GO-EERMD*
*92 MARILYN A. SOLTES, ACCTG*
*78 HELEN B. ABORDO, OPAG*
*93 NENITA C. VILLALUZ, ACCTG*
*79 RAMON G. BALCE, OPAG*
*94 MARILOU V. ODOÑO, ACCTG*
*80 ANITA B. BORERO, OPAG*
*95 MADONNA A. ABULAR, PPDO*
*81 ANGEL C. DAVID, OPAG*
*96 CESAR A. PAITA, PEO*
*82 MARIA V. DE JESUS, OPAG*
*97 NOEL D. REYES, SR., PEO*
*83 MANUEL P. DEL ROSARIO, OPAG*
*98 HENRY B. LO, PEO*
*84 BALTAZAR Q. DIPASUPIL, OPA*

***OUTSTANDING EMPLOYEE-NGAs***

*99 CLARISSA K. CU, CNPPO-HOJ, DAET*

***TOP PERFORMING MCROs***

*100 Mercedes Municipal Civil Registry Office*
*101 Talisay Municipal Civil Registry Office*
*102 San Lorenzo Ruiz Municipal Civil Registry Office*
*103 Daet Municipal Civil Registry Office*
*104 Basud Municipal Civil Registry Office*
*105 Labo Municipal Civil Registry Office*
*106 Paracale Municipal Civil Registry Office*
*107 San Vicente Municipal Civil Registry Office*

# FIRST 100 DAYS REPORT ...

**(*Mula sa pahina 3*)**

namigay ng *plastic mats*, sarong, *used clothing* at *family food packs*.

Iminungkahi niya sa SP na humiram ng 570 milyon piso sa bangko upang pondohan ang mga proyektong naglalayong iangat ang kabuhayan ng mga mamamayan ng Camarines Norte.

Sa tulong ng SP, ipinagbigay-alam at ikinonsulta ito sa pamamagitan ng *public hearing*, radyo, at telebisyon. Ito ay ang sumusunod: pagsasaayos ng *LDH*; pagkongkreto sa mga *provincial roads*; modernisasyon ng *CNPH*; pagpapatayo ng *Camarines Norte Showcase Building, Provincial* Bagsakan *Center, training center, national government offices building* at *SP Legislative Building*; pagbili ng *equipment* at *trucks*, at *site development* at *government housing project*.

Naaprobahan na ang paghiram ng 120 milyong piso sa *Land Bank of the Philippines* para sa pagsasaayos ng *LDH* at pagkongkreto ng mga *provincial roads*.

Ang iba naman ay patuloy na masusing pinag-aaralan pa ng Tanggapan ng Gobernador at ng SP katulad ng mga sumusunod:

Pagkongkreto sa mga sumusunod na daan: **Labo**-Bulhao-Bakiad-Santa Cruz, Brgy. Bakiad; Labo-Tulay na Lupa, Brgy. Lugui; Labo-Fundado-Dancalan-Bakal, Brgy. Bulhao; Labo-Tulay na Lupa, Brgy. Mabilo II; Labo-Vinzons-Crucero, Brgy. Malasugui; Labo-Tulay na Lu-pa Road, Brgy. Lugui; Labo-Control Road, Brgy. Guinacutan; **Daet**- Daet -San Lorenzo Ruiz Road, Calasgasan; Brgy. IV, Mantagbac; P-1A & P-3, Brgy. VI; Daet-San Vicente, Brgy. Alawihao; Daet-Mambalite, Brgy. Cobangbang; Tito Urbano St., Brgy. I; Bagasbas *Boulevard*, at Daet-San Vicente *Road*, Brgy. Dogongan, Daet; **San Vicente**-Daet-San Vicente *Road*, Poblacion, San Vicente; **Basud**- *Jct. MSR*-Basud-Mangcamagong, Mocong, at San Felipe-Patag Road, Brgy. San Felipe, Basud at **Talisay**-Talisay-Sta. Cruz, Brgy. Gabon, Talisay.

Pagsasaayos sa mga sumusunod na daan: **Labo** - Labo-Tulay na Lupa, Brgy. Mabilo I, Mabilo II, Lugui; **Daet** - Sitio, Mandulungan, Brgy. Gubat; Purok 2 at 3, Brgy. San Isidro; Purok 5, Brgy. Magang; Brgy. Bagasbas; Purok II-Purok IV, Brgy. Borabod; Brgy. Dogo-ngan; Purok V, Sto. Niño Village, Brgy. Magang; Purok V, Brgy. Calasgasan; Purok V, Brgy. VII; Purok 2,3 at 5, Brgy. Pamorangon; *Urban Poor*, Brgy. Alawihao; Purok VII, *Core Shelter*, *Teacher's Village*, Alawihao; *CNSC Road*, *CNSC Main Campus*; P-2, Brgy. Gahonon, at P-6, Brgy. Pamorangon, Daet; **Capalonga** - Capalonga-Calabaca, Capalonga; **Paracale** - Labo -Fundado-Bakal, Brgy. Dancalan, Paracale; **Mercedes** - Basud-Mangcamagong-Masalongsalong, Brgy. Hinipaan-Masalongsalong *Sect.* Mercedes; Angas-Manguisoc, at Basud-Mangcamagong-Masalongsalong, Mangcamagong-Hinipaan *Sect.* Mercedes; **Basud**- *Jct MSR* Basud-Mangcamagong-Masalongsalong, Taisan-Angas *Sect.*, Ba-sud; **Sta. Elena** - *Jct MSR*-Sta. Elena -Basiad, San Vicente, Sta. Elena; **Vinzons**-Labo-Contod-Vin-zons, Brgy. Contod, Vinzons; **Talisay** - Talisay-San Jose, Brgy. San Jose, Talisay, at **San Vi-cente** - Cabanbanan-Sto. Domingo, Cabanbanan, San Vicente.

Pag-aspalto ng mga sumusunod na daan: **San Lorenzo Ruiz** - San Felipe-Patag *Road*, San Isidro, San Lorenzo Ruiz; **Capalonga** - Capalonga-Calabaca *Road*, Brgy. Calabaca, Capalonga; **Basud** - *Jct MSR*-Plaridel, Salvacion Road Brgy. Plaridel, Basud, at San Vicente - *Brgy. Road*, Brgy. Cabanbanan-Calabagas, San Vicente.

Samantala, ang iba pang natapos nang proyekto ay ang konstruksyon ng Nalucaban *Bridge*, Brgy. Manlimonsito, San Lorenzo Ruiz *(RCBC Triple Barrel)*, at ang *road opening* ng Mabini-Binawangan, Capalonga.

## PSCNC Report...

(Mula sa pahina 2)

matamasa ng mga kabataan ang kanilang mga karapatan gayundin ang mga serbisyong nakalaan para sa kanila.

Ang *Children's Statement* na naglalaman ng mga saloobin, pananaw, opinyon, kalagayan/ sitwasyon ng mga kabataan, at ang panawagan nila sa mga kinauukulan na sila ay pakinggan, bigyang-pansin ang kanilang kakayahan at talino, at tugunan ang kanilang mga pangangailangan ay ipahayag ng mga piling mag-aaral na kumatawan sa mga kabataan sa lalawigan. Ito ay kinabilangan nina Mary Grace A. Pagsisihan ng *CNSC Laboratory High School*; Carina Alexa F. Bustamante ng *Labo Elem. School*; Mark Anthony Orillo ng *Mabini Colleges*, at Jan Alfred Rañeses ng *Mercedes Elem. School*. Sila ay kabilang sa mga kabataan na dumalo sa *Children/ Youth Assembly and Congress* kung saan nila binalangkas ang *Children's Statement.*

Susog pa rin sa tema ng okasyon, ang paksang *Climate Change and Its Implication to Children* ay tinalakay ni *Asst. Professor* Rusty G. Abano, *Ph.D.* ng *Camarines Norte State College (CNSC)*. Ang *closing remarks* naman ay ibinigay ni kay Bokal Teresita DL. Malubay, *SP Chairperson, Committee on Women and Family*.

Sa huling bahagi ng 1-araw na gawain ay nagkaroon ng *film showing* ukol sa *climate change*. Layunin nito na maipaunawa at maitimo sa kamalayan ng mga kabataan ang mahalagang papel nila sa pag-aalaga at pagkalinga sa kapaligiran at mga likas-yaman nito. Mahalaga ito upang mabawasan ang iba't-ibang epekto ng *global warming* gaya ng biglaang pagbabago ng panahon, malawakang pagbaha, pagguho ng lupa, at iba pa. ***LT IBASCO***

## Mga opisyal at kawani...

(Mula sa pahina 5)

Tuazon, at Rafael G. Flores; *OPAg*-Helen B. Abordo, Ramon G. B alce, Anita B. Borero, Angel C. David, Maria V. de Jesus, Manuel P. del Rosario, Baltazar Q. Dipasupil, Edgar A. Estanislao, Narciso S. Gonzaga, Zosimo P. Guazon, Nancy F. Guinto, Erlinda G. Sañez, Francia C. Pajares, at Josefa P. Yasis, at *CNPH* – Magdalena B. Toledana, Guia P. Ferrer, Emma J. Pabines, Lourdes E. Alberto, Ma. Luisa M. Coreses, Myrna O. Abilgos, Fe M. Ablaza, Romeo B. Abrio, Anita L. Aldeza, Nimfa A. Asis, Remigio V. Asis, Agustin M. Avellana, Hydi M. Borgonia, Corazon A. Caudilla, Crispina R. Chavez, Silverio m. Clacio, Fe S. Paris, Jose M. Paramo, Lourdes A. Pomada, Jose A. Ramores, Marilyn S. Susano, Ramon B. Susano, Lerma N. Sto. Domingo, Mercedes M. Juan, Delia P. Lopez, Roberto B. Mabeza, Elizabeth F. Maesa, Oscar C. Manumbas, Jose S. Mapada, Jr., Fe A. de Jesus, Marilou D. dela Cruz, Gloria P. de Leon, Carmelita B. de Vera, Alicia P. Gadi, Elma R. Giataw, Jelly S. Gamboa, Danilo S. Adolfo, Milave L. Schneider, Julita C. Palad, Emma R. Oliver, Elena I. Narido, at Santiago O. Mella.

Pinagkalooban naman ng kaukulang subenir sina Angelina D. Tepora ng *PPDO*, at *Provincial Assessor* Annabel M. Defeo ng *PAssO* na tumanggap ng *Trek to Mother Tree Award.* ***LT IBASCO***

## Official Result...

(Mula sa pahina 5)

***Champion*** – SPO2 Ernesto Calwing, Sr. & SPO2 Amador Tatun, Jr. (PNP)

**BADMINTON**

***Singles - Men***

***2nd Runner Up*** – Marcial Ferrer (PGCN)
***1st Runner Up*** - Romeo Encinas (LGU Talisay)
***Champion*** - Dennis Cabarle (CNSC)

***Singles - Women***

***2nd Runner Up*** - Susan Libertes (PGCN)
***1st Runner Up*** - Siony Girado (CNSC)
***Champion*** - Nancy Hernandez (PGCN)

***Doubles– Men***

***2nd runner Up***- Romeo Encinas & Lolito Nala (LGU Talisay)
***1st runner Up***- Marcial Ferrer & Harold Gestiada (PGCN)
***Champion*** - Dennis Cabarle & Roger Quimno (CNSC)

***Doubles– Women***

***2nd runner Up*** - Faye Frances Santiago & Teresa Auxilio (PGCN)
***1st Runner Up*** - Susan Libertes & Engr. Sahlee Yanto (PGCN)
***Champion*** - Nancy U. Hernandez & Engr. Eden F. Borja (PGCN)

## Vice-Gov. Jonah G. Pimentel...

(Mula sa pahina 8)

ng papel. Sa ilalim ng *paperless session*, mas lalawak ang kanilang tanggapan dahil hindi na nila kailangang magtago ng maraming dokumento. Sa halip, gagamit sila ng mga *data storage devices* tulad ng *optical disc, flash drive,* at iba pa.

Ang Sanggunian ay nakapagdaos ng 15 *committee meetings* habang nakapagtala naman ng may 261 *referrals* ang mga sumusunod na komitiba nito: *Finance* – 82; *Women and Family* – 4; *Agriculture* – 18; *Non-Government Organizations and Cooperatives* – 7; *Planning and Infrastructure* – 5; *Good Government* – 45; *Tourism* – 7; *Labor and Employment* – 2; *Rules* – 1; *Ways and Means* – 11; *Education and Culture* – 4; *Ecology* – 22; *Public Utility* – 16; *Health and Sanitation/Social Services* – 19; *Peace and Order* – 16; *Youth and Sports* – 1, at *Barangay Affairs* – 1. Sina Bokal Edgar E. Dasco at Bokal Erwin L. Lausin naman ay nakapagsagawa ng tig-3 *individual referrals*, at tig-1 naman sina Bokal Ruth F. Herrera at Bokal Godfrey A. Parale.

Upang makakuha ng mga napapanahong kaalaman at angkop na impormasyon tungo sa mas mahusay na paglilingkuran, si Gob. Pimentel at ilang bokal ng Sanggunian ay dumalo sa mga sumusunod na pagsasanay: *Training on Government Procurement Reform Act*; *Seminar on Local Legislations and Administrative Investigation Procedure*, at *Seminar-Workshop on Planning, Procurement and Budgeting for Local Government Units (LGUs)*. Kasama ang ilang SP kagawad, dumalo rin si Bise Gob. Pimentel sa isang *budget dialogue* sa *Department of Budget and Management Regional Office 5*, at sa *Dialogue with Department of Health (DOH) Regional Office 5 (PhilHealth Matters)* .

Heto naman ang ilan sa mga mahahalagang resolusyon na naipasa ng Sanggunian para sa iba't-ibang sektor: Health – Resolution No. 172-2010 – *A Resolution Urging the Philippine Health Insurance Corporation (PHIC) to Maintain the Cost of PhilHealth Coverage*; Res. No. 295-2010 – *A Resolution Urging all Barangays to Intensify Yearly Campaign Against Dengue Disease in their Respective Barangays*, at Res. No. 333-2010 – *A Resolution Requesting Hon. Gov. Edgardo A. Tallado for the Immediate Improvement of the Services, Facilities and Equipment of the Capalonga Community Hospital;* Education – Res. No. 220-2010 – *A Resolution Creating an Ad Hoc Committee that will Assess the Implementation of Provincial Government Scholarship Program (PGSP) and the Status of Graduates under the Program in Aid of Legislation;* Res. No. 231-2010 – *A Resolution Requesting the CSC Region V through the CSC Provincial Office, Daet to Establish a permanent Examination Center in Daet;* Res. No. 244-2010 – *A Resolution Requesting Hon. Gov. Edgardo a. Tallado to Include in His Priority Program the Granting of Educational Loan to Qualified College Students and to Create the Provincial Education Council for this Purpose and other Educational Program,* at Res. No. 272-2010 – *A Resolution Providing for Free Internet Service for Each Municipality for the Purpose of Information System for All Its Constituents;* Ecology – Res. No. 300-2010 – *A Resolution Declaring the Mother Tree as the Biggest and Oldest Tree in the Philippines;* Legal – Res. No. 261-2010 – *Decision on the Appeal Filed by PB Jimmy P. Garlitos,* at Res. No. 288-2010 – *Promulgation and Release of the Decision in the Case of Nievarez*, at Women and Family – Res. No. 199-2010 – *A Resolution Requesting Hon. Gov. Edgardo A. Tallado to Require the CPC 6 PTWG to Conduct a Regular Radio Program on the Promotion of Child-Friendly Movement.* ***LT IBASCO***

## PSL ng DepEd...

(Mula sa pahina 8)

ay mga kaibigan ng pamilya, tagapag-alaga *(baby sitter)*, at/o kapitbahay; at 10% lamang ang mga estranghero.

Ang paniniwala na tanging kababaihan lamang ang nabibiktima ay hindi rin totoo sapagkat ang katotohanan, 15% hanggang 25% ng kababaihan at 5% hanggang 15% ng kalalakihan ay naabusong sekswal sa panahon ng kanilang kabataan.

Maliban dito, tinalakay rin ang paksang *What is PSL*? na sinundan ng *case study presentation* ni *PSL Advocate* Merlinda O. Altarejos na ang ilang bahagi ay tinalakay nina *Principal I* Joy Cabrera ng *Gonzalo Aler High School* at *SAGIP PSL Vice President* Arminda G. David ng *Alawihao High School*. Ang *National Development and Future Directions of PSL* ay inilahad naman ni G. Conrado A. Rempillo, *EPS I*, Makabayan *PSL Division Coordinator*. Binanggit niya na isa sa pinakadahilan ng pagkilala at ilang ulit na pagbibigay-parangal sa *Dep-Ed Camarines Norte* ay nang sa simula pa lang ng paglulunsad nito ng *PSL programs* ay nagkaroon ng maraming *"disclosures"* na nauwi sa pagsasampa ng mga kaso kriminal at administratibo sa tulong ng *Provincial Multi-Disciplinary Team (PMDT)* na kinabibilangan ni *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas noong siya ay nasa *Department of Justice (DOJ)* pa.

Nagkaroon din ng *commitment building* kung saan ang mga kinauukulan ay nagpahayag ng kanikaniyang pangako ng suporta at kooperasyon para maiiwas ang mga kabataan na maging biktima, at ang mga nabiktima ay mabigyan naman ng kaukulang tulong. Isinagawa rin dito ang pagpapanibagong-tatag sa *Provincial Multi-Disciplinary Team (PMDT)* na binubuo ng mga kinatawan mula sa *DepEd, Dept. of Social Welfare and Development (DSWD)/PSWDO, Local Government Unit (LGU), Philippine National Police (PNP)*, at *DOJ* kabilang dito ang *CAO-GO*. Ang nasabing grupo ay una nang binigyan ng pagsasanay ng *Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse (CPTCSA)* para sa maayos na paghawak nila ng *child sexual abuse disclosures* (pagsisiwalat ng mga pang-aabusong sekswal sa mga kabataan) sa mga paaralan. Ito ay sinundan ng *open forum* at *press conference*.

Ang *Personal Safety Lessons (PSL)* ay isinasama sa pagtuturo ng araling Sibika at Kultura/ Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HEKASI/KS) sa elementarya at Araling Panlipunan (AP) sa hayskul. Ito ay maaaring isama rin sa *Character Education* at *Values Education* gayundin sa Agham, kung may pagkakataon.

Binanggit din na sa *expansion phase* ng programa, ang mga kinauukulang guro ay dapat sumailalim sa *PSL trai-ning* dahil tanging mga *PSL trained teachers* lamang ang pinapayagang magtu-ro ng *PSL* kung ikukunsidera ang lawak at laki ng konsepto at kasanayan na dapat mabuo ng mga guro.

Sa ilalim ng *PSL*, ang mga kabataan ay tinuturuan ng pagkilala sa iba't-ibang uri ng pangmomolestya kagaya ng *'unwanted touching'* o *'confusing touch'* (nakalilitong paghawak) ng isang nakatatanda o kapwabata, paano sila iiwasan at ano ang dapat gawin kapag nasangkot sila sa katulad na sitwasyon.

Inaasahan na sa pamamagitan ng nasabing mga inisyatibo, mababawasan ang bilang ng mga kabataang mabibiktima ng pang-aabusong sekswal. ***LT IBASCO***

# FIRST 100 DAYS REPORT of Vice-Gov. Jonah G. Pimentel




Sa ginanap na *SP Inaugural Session* noong Hulyo 5, 2010, ipinangako ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel na pamumunuan niya ang isang Sanggunian na nakikita ng publiko na kumikilos, at ang serbisyong ibinibigay ay nadarama/nararamdaman ng mga mamamayan.

Hindi nabigo ang ating mga kababayan na umasa sa kanyang binitiwang salita sapagkat tinupad niya ang kanyang ipinangako. Patunay rito ang iprinesenta niyang *First 100 Days Report* sa publiko kamakailan na kinapapalooban ng mga ginawa ng Sangguniang Panlalawigan (SP) simula Hulyo 1-Oktubre 10, 2010 sa ilalim ng kanyang pamumuno.

Nangunguna rito ang may 180 resolusyong naipasa ng SP gayundin ang 3 Panlalawigang Ordinansa at 22 *Appropriation Ordinances* na kanilang pinagtibay. Nakapagdaos din sila ng 15 sesyon: 12 regular na sesyon, at tig-iisang *inaugural*, *special* at *joint sessions*; at 15 *committee meetings*.

Pinangunahan din ni Bise Gob. Pimentel ang pagbisita sa 5 barangay na benepisyaryo ng proyektong pailaw tulad ng Aguit-it, Vinzons; San Antonio at Exciban sa bayan ng Labo, at Bibirao at Dogongan sa bayan ng Daet. Bumisita rin sila sa *gold processing plants* sa mga bayan ng Jose Panganiban at Paracale kaugnay sa *Cease and Desist Order* na inisyu ng Tanggapan ng Gobernador.

Sa inisyatibo rin ni Bise Gob. Pimentel, inilunsad ang *SP e-xhibit and Paperless Session* sa loob ng 110*th* *Civil Service Month Celebration* noong Setyembre. Layunin nito na maiwasan ang paggamit ng papel sa paggawa ng mga dokumento, at ang pagputol sa mga punungkahoy na pangunahing materyal sa produksyon

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 1, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# PSL ng DepEd sa CN suportado ni Tallado





*1)Si Gob. Egay Tallado nang binigyan ng sertipiko ng pagkilala ni PSL Div. Coordinator Conrado A. Rempillo; 2) Pumirma si CAO IV Purita Briñas sa ibabaw ng kanyang pangalan bilang commitment sa programa, habang nagmamasid ang kinatawan ng Netherlands, si Mr. Rempillo, JP Mayor Ricarte Padilla, at si Ms. Cynthia dela Cruz ng PSWDO; 3) Larawan ng mga miyembro ng PSL kasama rito si SPM Teresita Malubay ng Women & Family at Education, at mga Kabalikat na pulis sa CNPPO.*




Ipinaabot ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang kanyang suporta sa *Personal Safety Lessons (PSL)* na ipinatutupad ng *Department of Education (DepEd)* na layuning maituro sa mga mag-aaral ang mga kaalaman at kasanayan para mapangalagaan nila ang kanilang sarili laban sa anumang uri ng pang-aabusong sekswal at iba pa, at malaman din nila ang kanilang karapatan na nakapaloob sa *United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC).*

Ito ang buod ng mensahe ng gobernador sa 1*st* *Provincial Stakeholders Meeting for the Implementation of Personal Safety Lessons* na isinagawa kamakailan sa *Milagros Hall* sa bayan ng Jose Panganiban. Sinabi rin ng gobernador na isinusulong niya ang karapatan ng mga kabataan sa maayos na edukasyon sa pamamagitan ng pagpapalabas ng P10M pondo para sa *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* sa *college* upang mas marami ang makinabang dito. Ang *Community Electronics Center (CeC)* ng pamahalaang panlalawigan ay patuloy na nagbibigay ng 20% diskwento sa mga mag-aaral na kumukuha ng *information communication technology (ICT) services* tulad ng paggamit ng *internet*, pag-*encode*, *printing*, *scanning*, at iba pa.

Dumalo rin at naging *host* sa okasyon si Jose Panganiban *Mayor* Ricarte R. Padilla na nagbigay ng *welcome address*, at mensahe naman ng pagsuporta mula kay *San Vicente Mayor* Joseph Stanley G. Alegre na siya ring pangulo ng *Provincial Mayors' League (PML).*

Samantala, tinalakay sa pulong ang *Profiles and Myths of Child Sexual Abuse Cases in the Philippines* kung saan nahayag na hindi lamang kalalakihan ang nang-aabuso sapagkat lumabas sa ilang pag-aaral na 14% sa 40% na naiulat na paglabag laban sa mga kabataang lalaki, at 6% ng paglabag laban sa mga kababaihan ay ginawa ng mga babae. Hindi rin totoo ang mga haka-haka na lahat na nang-abuso ay estranghero sa mga biktima dahil 30% ng mga nang-abusong sekswal ay kamag-anak ng bata; 60%

(Sundan sa pahina 7)